***BANGHAY ARALIN sa ARALING PANLIPUNAN 3***
***IKATLONG MARKAHAN***

- ***Isinulat ni Cecelia G. Buta, MTB Regional Trainer, Region XI***

**IKATLONG LINGGO (Week 3)**

! - Layunin:

- Naipapaliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pamahalaan /opisyal sa bawat bayan / munisipalidad

II.Paksang Aralin:

A. Paksa : Ang Pamahalaan, mga Pinuno at Iba Pang Naglilingkod sa Aking Kinabibilangang Komunidad

B. Tema : Ang Lipunan sa Aking Kinabibilangang Komunidad

B. Sanggunian : K to 12 Curriculum II
Masipag na Pilipino

C. Kagamitan : Tsart, Mga Larawan

D. Pagpapahalaga : Pagkakaisa, Pakikilahok


***Unang Araw (Day 1)***

Pamamaraan:

A.1. Pagbabalik-aral/Pagganyak:

Sinu-sino ang mga namumuno sa isang lungsod o munisipalidad?

2.Ipakita ng guro ang mga larawan sa mga namumuno sa sariling lungsod. Kilalanin ang mga ito.




Sino sa kanila ang may pinakamataas na posisyon?


Sinu-sino ang gagawa ng mga batas ng bayan

B.1.Pangkatin ang mga bata sa tatlong grupo.

Mga Gawain:
Isulat ang kapangyarihan , tungkulin at pananagutan ng namumuno sa isang bayan:

Pangkat A - Mayor
Pangkat B - Bise – Mayor
Pangkat C – Sangguniang Bayan

Gawin ito sa Semantic Web




Pamaraan:

C. Paglalahad:
   1. Pagpapahayag sa mga natapos na gawain ng bawat grupo. Ididikit ito sa pisara

      Iuulat ng mga napiling tagapag-ulat ng bawat grupo ang kanilang mga naisulat tungkol sa mga kapangyarihan, tungkulin at pananagutan ng mga namumuno sa isang bayan.

***Pangalawang Araw (Day 2)***

A. Pagtatalakay:

Itanong: Kayo ba'y may pangarap na mamumuno sa inyong bayan?

Paano ninyo magagampanang mabuti ang inyong tungkulin?

B Gawain

Magpahulaan sa pamamagitan ng isang laro.

-Mga bata maglalaro tayo ngayon. Sasabihin ko ang mga gawain ng bawat opisyal ng barangay, tapos kikilalanin ninyo kung sino ang tinutukoy dito.

Laro: **"Sino, Ako"**

- Ako ang masipag na namumuno sa ating barangay.
- Katulong ako ng Kapitan sa pagpapatupad ng mga batas.
- Nakabantay ako para sa katahimikan ng ating barangay.
- Ako ang nangangalaga sa inyong kalusugan dito sa barangay.
- Katulong kami ng mga Sanguniang Barangay sa pag gabay sa mga kabataan.

(Talakayin ang mga naging sagot ng mga bata sa larong "Sino, Ako")

- Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng mga opisyal sa pamahalaang barangay?

***Pangatlong  Araw (Day 3)***

Pamamaraan:

A. 1. Pagbabalik-aral

Anu-ano ang kapangyarihan at tungkulin ng mga namumuno sa bayan? Paano nila ito magagampanan?

2. Pagganyak:

Tingnan ulit ang larawan ng mga namumuno o opisyal ng bayan.
Ano ang masasabi ninyo sa kanila?
Paano tayo makipag-isa sa kanila?

B. Pagtatalakay:

. Pagpapaliwanag sa kahalagahan ng pagkakaroon ng pamahalaan o opisyal sa bawat bayan/munisipalidad.

Itatanong:

Paano ninyo pahahalagahan ang mga opisyal ng bayan?
Bakit kailangang may mga pinuno ang bayan?

C. Kasunduan:

Sumulat ng tatlong pangungusap kung anu-ano ang dapat gagawin bilang pagbibigay halaga sa mga opisyal ng bayan?

***Pang-apat na Araw (Day 4)***

Pamamaraan:

A. 1. Pagkokolekta at pagwawasto ng kasunduan

2 Pag-usapan ang kani-kanilang mga nagawang pangungusap ukol sa pagbibigay

halaga sa mga opisiyal ng bayan.

B. 1. Pagpapakita ng larawan tungkol sa Kahalagahan ng pagkakaroon ng mga opisyales sa komunidad.



Tanong:

- Ano ang nasa larawan?
- Paano nabigyan ng tulong ang mga biktima ng baha?
- Mahalaga ba namagkaroon tayo ng mga mamumuno sa bayan?

C. 1.Pangkatin ang mga bata sa apat na grupo.

Gawain:

Bigyan ang bawat grupo ng isang sitwasyon at hikayatin silang ipakita ang kahalagahan ng isang opisyal sa komunidad.

Grupo 1 * Magulong barangay may nag-iinuman sa gitna ng kalye.

Grupo 2 *May nasunugan naubos ang lahat ng mga kagamitan

Grupo 3 *Nasira ang tulay at hindi madaanan ng mga sasakyan

Grupo 4 *May mga bata sa isang barangay na sakitin at kulang ng nutrisyon.

2. Tanong batay sa mga ipinakita

Gaano kahalaga ang mga namumuno o opisales sa ating komunidad?

***Panglimang Araw (Day 5)***

A. Pagtataya

Ilarawan ang inyong mga sagot sa pamamagitan ng pagguhit.

- Bakit mahalaga ang mga opisyales o namumuno sa komunidad?

- Ano ang magandang maidudulot nila sa ating bayan?

B. Pasulit: Lagyan ng [illegible] got.

| | Sang-ayon | Di Sang-ayon |
|---|---|---|
| 1. Kailangan ang mga pinuno ng bayan dahil tumutulong sila sa pagpapanatili ng katahimikan at kaayusan ng bayan. | | |
| 2. Tungkulin ng mga pinuno ng bayan na pangangalagaan ang malnutrisyon sa ating bayan. | | |
| 3. Ang mga pinuno ng bayan ang syang tumutukoy sa mga pamahalaang pambarangay, pambayan at panlalawigan | | |
| 4. Hindi kailangan ang mga opisyales o namumuno sa komunidad upang umunlad ang bayan. | | |
| 5 . Nasa mabuting pamumuno ng bayan ang katahimikan at kapayapaan. | | |

***BANGHAY ARALIN sa ARALING PANLIPUNAN***
***IKATLONG MARKAHAN***

- ***Isinulat ni Cecelia G. Buta, Regional Trainer Region XI***

**IKAAPAT NA LINGGO (Week 4)**

I. Layunin:

- Nasusuri ang mga proyekto at iba pang gawain ng pamahalaang pambarangay sa kabutihan ng lahat o nakakarami

II.Paksang Aralin:

Ang Pamahalaan, mga Pinuno at Iba Pang Naglingkod sa Aking Kinabibilangang Komunidad

| | | |
|---|---|---|
| Tema | : | Ang Lipunan sa Aking Kinabibilangang Komunidad |
| Sanggunian | : | K to 12 Curriculum III |
| Kagamitan | : | Tsart, Mga Larawan |
| Pagpapahalaga | : | Pagkakaisa |

***Unang Araw (Day1)***

Pamamaraan:

A. A. Paglalahad ng kwento/Bago bumasa

B. Pagganyak/(Activating prior Knowledge)

- Nakapunta na ba kayo sa inyong Barangay Hall?
  - Anong masasabi ninyo sa inyong barangay?
  - Batay sa mga katangian ng inyong barangay, paano ito natamo o naisagawa?
- Nagtutulung-tulong at nagkakaisa ba kayo sa inyong barangay? Ipaliwanag.
- Sa palagay ninyo bakit mahalaga ang magkaisa sa pamahalaang barangay ang mga naninirahan dito?

C. Pag-alis ng Balakid

Oplan Llinis- (sa pamamagitan ng larawan)
Dengue- (pagpapaliwanag) sakit na dulot ng lamok
Pagbubukod-( sa pamamagitan ng larawan )

D Pagbasa sa kwento gamit ang (Big Book)

1. Ipakita ang aklat at pag-usapan ang larawan na nasa pabalat nito.Ipakilala ang may akda at ang gumuhit ng larawan. Ipakita sandali ang bawat pahina ng aklat sa mga mag-aaral.
2. Buksan ang unang pahina ng kwento. Ituro ang mga mahahalagang bahagi ng larawan at basahin ang mga salita sa pahinang ito.Habang dahan-dahang itinuturo ang mga salitang binabasa(tuloy-tuloy).

3. Basahing muli ang kwento. Huminto pagkatapos ng isang talata at mag tanong. Maari ring sunod sa nangyayari.

   -Bakit biglang nagising si Kapitan Elmo Kurat?
   -Ano kaya ang kanyang gagawin?

## Kapitan Elmo Kurat

Ni Cecelia G. Buta

Isang maliit na barangay ang Barangay Malinawon. Ito ay sa pamamahala ni Kapitan Elmo Kurat. Masaya ang mga tao dito. Sagana sila sa pagkain.

Isang araw habang natutulog si Kapitan Elmo Kurat, isang malakas na sigaw ang gumising sa kanya.

Si Aling Nena pala ang humihingi nang saklolo habang karga-karga ang maliit na sanggol na napakataas ang lagnat.

Itinakbo ni kapitan ang bata sa di kalayuang pagamutang pampubliko.
Nalaman ni kapitan Kurat na may dengue pala ang bata

Habang nakaupo si kapitan sa isang sulok ng hospital, naitanong niya sa sarili kung bakit may Dengue na sa kanilang lugar.

Ilang saglit lang matapos mabigyan ng gamot ang bata, nagpaalam na si kapitan Kurat at nangakong gagawin niya ang lahat alang-alang sa kaligtasan ng mga tao sa kanilang barangay.

Habang naglalakad si kapitan Elmo Kurat, agaw pansin niya ang mga basura na nagkalat sa daan at ang maraming langaw na dumadapo dito.

Nakita din niya na pati na rin sa kanal may mga basurang nakatambak at hindi na rin dumadaloy ang tubig. Kaya dito namumugad ang maraming lamok.

Ngayon, alam na ni Kapitan kung bakit nagkasakit ng Dengue ang bata.
Agad-agad sya nag patawag ng pulong. Inilunsad niya ang “oplan linis “ sa kanilang barangay.

Nagtutulungan ang mga tao. Tinuruan nya ito sa pagbubukod ng mga basura at paglagay nito sa wastong lalagyan.

Masaya si Kapitan Elmo Kurat dahil mula nuon hindi na nasundan pa ang nagkakasakit ng Dengue.

4. Sukatin ang pang-unawa ng mga mag-aaral tungkol sa kwentong narinig patungo sa konseptong layunin.

- Ano ang pangalan ng Barangay sa kwento?
- Ano-ano ang mga napansin ng Kapitan habang naglalakad sa kanilang barangay?
- Ano ang sakit ng batang itinakbo nya sa ospital ? Bakit nagkasakit ang bata?
- Bakit kaya pinulong ng Kapitan ang mamamayan ng barangay
- Anong proyekto ang kaniyang inilunsad?
- Paano nila ito isinakatuparan?

5. Pangkatang Gawin:

Pagsasadula sa kwentong binasa.


***Pangalawang Araw:***

E.Gawain 1:

Naalala nyo ba ang ating nakaraang kwento tungkol kay Kapitan Kurat sa barangay Malinawon??

- Ano nga ulit ang nakita ni Kapitan Kurat na dahilan kung bakit nagkasakit ng dengue ang anak ni aling Nena?
- Anong proyekyo ang kaniyang inilunsad?
- Paano niya ito pinatupad?
- Bakit naging matagumpay si Kapitan Kurat sa proyektong inilunsad?

(Gawin ito sa pamamaraan ng semantic web)




- Basahin natin ang mga paraang ginawa ng barangay sa pagpapatupad
- ng proyekyong "Oplan Linis."
- Angkop ba ang mga gawain nila para malutas ang suliranin? Bakit?
- Kung hindi nakipagtulungan ang mga mamamayan ng Barangay Nagkakaisa,ano kaya ang maaaring mangyari?
- Anong kabutihan ang dulot ng pagkakaroon ng proyekto sa barangay?

Gawain 2:

Pangkatin ang mga bata ng apat na grupo. Bigyan ang bawat grupo ng isang larawan at pag-usapan kung bakit mahalaga ang mga proyektong ito sa barangay. Isulat sa isang manila paper ang kanilang mga napag-usapan.







## *Pangatlong Araw (Day 3)*

Pagbabalik-aral

Ano-ano ang mga proyekto na inilulunsad sa inyong barangay?
Bakit ito mahalaga?
Ano ang maitutulong mo sa proyekto bilang isang mamamayan ?

2. Pagganyak: Awit " Barangay ni Kapitan"
( in the tune of "Alive Forevermore"

**Barangay ni Kapitan**
(In the tune of "Alive, alive Forevermore"
Ni Cecelia G. Buta

Barangay, barangay, barangay ni Kapitan
Masaya ang lahat sa Barangay ni Kapitan
Barangay, Barangay, Barangay ni Kapitan
Malinis ang barangay ni Kapitan.

Tayo na 't mamasyal, sa barangay
Sagana sa mga gulay
Nagkakaisa ang mga tao
Sa pagtupad ng proyekto.

3.Pagtatalakay:

. Itatanong:

Ano ang mensahe ng awitin?
Bakit Malinis ang Barangay ni Kapitan?
Ano ang ginawa ng mga tao bakit matagumpay ang isang proyekto?

B. **Gawain:**

1.Pangkatin ang mga bata sa apat na grupo.
2. Magtala ng mga ibat-ibang gawain at proyektong makikita ninyo sa bayan para sa kabutihan ng nakakarami o lahat.

3 .Suriing mabuti ang mga sagot ng bawat grupo.
4.Tingnan ang mga magkaparehas na sagot

B.1. Pag-usapan ang kani-kanilang mga nagawang pangungusap ukol sa ibat-ibang proyekto na makikita sa bayan.

### *Pang-apat na Araw (Day 4)*

A. Pagtatalakay:

Pag-usapan ang mga proyekto at iba pang gawain ng pamahalaang pambayan sa kabutihan ng lahat o nakakarami.

Tanong:

Dito sa ating barangay, ano-ano ang mga proyektong inilunsad ?

B. Pagpapakita ng larawan ng isang natapos na proyekto ng pamahalan.
( Ipapakita ng guro ang mga proyekto na nagawa sa kanilang sariling bayan)



(Semintadong kanal)
(Drainage)

Tanong:

- Ano ang nasa larawan?
- Paano ito nakatutulong sa mga mamamayan?
- Paano naging matagumpay ang proyektong ito?

C. Pangkatin ang mga bata sa apat na grupo.

Gawain: “Maglaro Tayo”…. “sasabihin ko…gagawin mo”

- Hatiin sa tatlong pangkat ang mga bata.
- Pumili ng pangulo sa bawat pangkat.
- Mag-isip ng paboritong pangalan ng kanilang pangkat.
- Babasahin ng guro ang maikling kwento na inihanda at isinulat sa isang pirasong papel.
- Isasagawa ng bawat pangkat ang isinasaad ng kwento kung maririnig nila na binabanggit ang pangalan ng kanilang pangkat.

  *Halimbawa:

  Unang Pangkat (Pangalan ng Tao) hal…. kapitan
  Ikalawang Pangkat ( Uri ng Proyekto ) hal..Oplan- linis
  Ikatlong Pangkat (pagsasagawa) hal………naglilinis

Halimbawa ng maikling kwento (Maaaring gumawa ng sariling kwento)

Nagpatawag ng pulong si Kapitan Pablo ( Gagawin ng unang pangkat ang isinasaad) ng barangay San Miguel. Naglunsad siya ng isang proyektong oplan-linis( isagawa ng ikalawang pangkat). Nagkakaisa ang lahat paglilinis (isagawa ng ikatlong pangkat). Masaya si Kapitan (unang pangkat). Matagumpay ang kanyang proyekto ( ikalawang grupo) dahil nagkakaisa ang mga tao sa paglilinis.(Ikatlong pangkat )

- Bigyan ng papuri at palakpak ang lahat ng gumaganap

D. Paglalahat:

Bakit Naging maunlad ang isang barangay?
Ano-ano ang mga proyektong inilulunsad?
Paano ito nakakatulong sa mga mamamayan?

***Panglimang Araw (Day 5)***

A .Pagtataya

- Ano ang magandang maidudulot sa bayan kung ang lahat ng mga mamamayan ay magtutulungan sa anumang mga gawain?

B. Magbigay ng tatlong proyekto na kasalukuyang ipinatutupad sa inyong Barangay.Sumulat ng maikling talata kung paano ito ipinatutupad.

C.Suriin ang mga gawaing pambarangay. Kung kabutihan ang dulot sa mga mamamayan lagyan ng ☺ at ☹ kung hindi at ipaliwanag kung bakit.

| **Gawaing Pambarangay** | **Pananaw** |
|---|---|
| Pag tatanim ng gulay | |
| Pag-alaga ng hayop | |
| Pag lilinis ng paligid | |
| Pag tulong sa mga nasunugan | |
| Pag puputol ng mga puno | |
| Pag tulong sa mga nasalanta ng bagyo | |
| Pag bubukod ng mga basura at ilagay sa tamang lalagyan. | |

**Banghay Aralin sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan 3**
Ikatlong Markahan
Cecelia G. Buta/ Division of Davao del Norte,
Region XI

IKALIMANG LINGGO (Week 5)

I..Layunin:

Nakalalahok sa mga proyekto at iba pang gawain ng pamahalaang barangay sa kabutihan ng lahat.

**II.Paksang Aralin**: **:** Ang Pamahalaan, mga Pinuno at Iba Pang Naglillingkod sa Aking Kinabibilangang Komunidad

Konsepto**:** Mga tungkulin at Karapatan bilang mamamayan, Pagkakaisa

Kagamitan: Malaking Larawan ng isang proyektong inilulunsad (experienced story)
Mga larawan , Punit-punit na larawan, bubble map, tsart

Sanggunian:
K to 12 Curriculum

Tema : Ang Lipunan sa Aking Kinabibilangang Komunidad

***Unang Araw*** ( Day 1)

**Pamamaraan:**

A. Balik-aral

A.1. Picture Puzzle ( Pagbuo ng larawan)

- Hatiin ang klase sa tatlong pangkat.
- Bigyan ng larawang ng mga proyektong inilulunsad sa Barangay ang bawat pangkat.
- Ipabuo ang mga ito
- Sasabihin nila sa buong klase kung ano ang dapat gawin upang magtagumpay ang proyekto na nabuong larawan.

Mga punit-punit na larawan upang buuin.








B. Pagganyak: Awitin ang Natutunang Awit sa Nakaraang Leksyon

( Barangay ni Kapitan )

C.Paglalahad ( Activiting Prior Knowledge)

Tanong:

- Alin sa mga nabuo ninyong larawan ang pinakagusto ninyong proyekto na mailunsad sa inyong barangay?

- Gawin itong punto ng pagsisimula para sa gawaing LEA sa loob ng silid-aralan.
- Pag usapan ang naging karanasan ng mga bata tungkol sa mga proyektong nailunsad sa barangay.
- Hayaang ang mga bata ang pumili ng pangkalahatang karanasan (common experience).
- Gabayan ang mga bata para sa kanilang matalinong pagtalakay sa napiling karanasan.

- Itanong sa mga bata:
  - Gusto ba ninyong gawin nating kwento ang inyong masayang karanasan?
- Hikayatin at i-guide ang mga bata tungo sa pagbuo ng kanilang kwento.
- Hayaang magbigay ng pangungusap ang mga bata ng walang antala. Bago isulat ng guro ulitin ito at itanong sa mga bata kung tama ang pagkakasunod-sunod ng mga salitang kanilang nabanggit. Isulat ang pangungusap na may tamang laki ng mga titik na kahit ang mga batang nasa likod ay mababasa ito (kung LEA Experience Chart ang ginagawa). Itanong kung mayroon silang gustong baguhin, kung wala na basahin ito ng malinaw ng dalawang beses o kung kinakailangan.

- Itanong kung ano ang gusto nilang isunod sa naunang pangungusap.
- Ulitin ang pamamaraan hanggang mabuo ang kwento.
- Hayaan ang mga bata na bigyan ng pamagat ang nabuong kwento at isulat ito sa itaas.
- Babasahin na ng guro ang nabuong kwento gamit ang Reading Plan.

a.) Basahin ang buong kwento ng malinaw.

b.) Basahin ang kwento kasama ang mga bata.

c.) Babasahin ng guro ang isang parte ng text kasama ang isa o dalawang bata.

d.)Tumawag ng isa o dalawang volunteer na bata at hayaan silang magbasa ng sila lang. Kung walang gustong magbasa wag pilitin ang mga bata magpatuloy sa ikalimang hakbang.

e.) Basahin ang buong kwento kasabay ang buong klase.

f.) Itanong ang sumusunod:


* Bakit gusto mong lumahok sa mga proyektong inilunsad ng pamahalaan?
* Ano-ano ang iyong tungkulin bilang mamamayan?
* Magtagumpay ba ang isang proyekto kung walang pagkakaisa? Bakit


## ***Pangalawang Araw*** **(Day 2)**

### A. GROUP ACTIVITY

1. “Bubble Map”

Hatiin ang buong klase ng apat na pangkat. Gamit ang bubble map ipakita kung paano kayo makilahok sa mga proyektong inilunsad ng pamahalaang pambarangay sa pamamagitan ng pagsulat nito sa loob ng bubbles.





B. Pag-uulat sa bawat pangkat

C. Gawain 2:

Tingnan ang larawan. Kung anong uri ng proyekto ang kailangan ng komunidad at paano ka makilahok sa proyektong ito. Ipakita sa pamamagitan ng pagsasadula.

Unang Pangkat →



Ikalawang Pangkat →



Ikatlong Pangkat →



D. Pagtatanong:

Ano-ano ang mga proyektong kailangang ilulunsad sa ating barangay?
Paano tayo makikilahok sa mga proyektong ito.?

## *Ikatlong Araw (Day 3)*

E. Panimulang Gawain

Sabihin:

- Suriin ang iba't ibang proyekto na inyong nakikita sa inyong barangay
- Pag-usapan ang mga ito.
- Itanong:

  *Ano-ano ang mga proyekto ng inyong barangay?

  *Paano ito ipinapatupad?

  *Bilang mamamayan, ano ang iyong tungkulin?

  *Paano kayo nakakalahok sa mga proyekto at iba pang Gawain ng pamahalaan.

F. Pangkatang Gawain:

Dula-dulaan (Pagsasadula) Bilang opesyales at mga mamamayan paano mo maisakatuparan ang inyong tungkulin sa barangay.

Pangkat 1 → Barangay na may maruming paligid

Pangkat 2 → magulong barangay

Pangkat 3 → Laging bumabaha na lugar


Pangkat 4 → may gumagalang mga hayop

Gawain 2:


Pangkatang Gawain

-Pangkatin ang klasesa tatlo. Magbibigay ako ng mga proyektong pambarangay.Bawat pangkat ay pupunan ang mga bilog ng kabutihang dulot ng mga proyekto o gawain sa barangay.Pagkatapos, iulat sa klase.


Pangkat 1.



Pangkat 2.




Pangkat 3.




(Talakayin at iproseso ang ginawa ng bawat pangkat)

**Pang apat na Araw (Day 4)**

Gawain 1:.Suriin ang gawaing pambarangay na ito.

“ Paghihiwalay-hiwalay ng mga basurang nabubulok at Di nabubulok” at sagutin ang mga tanong.




-Ano-ano ang kabutihang maidudulot ng paghihiwa-hiwalay ng basurang nabubulok at di nabubulok


Sagot:

(Bigyan ng pagkakataon ang bawat bata  na makapagpahayag tungkol dito)

Gawain 2:

Pangkatin ang mga bata ng tatlong grupo.

Suriin ang gawaing pambarangay at magbigay ng kabutihang dulot nito sa mga mamamayan.



(Bigyan ng manila paper ang bawat grupo at ipaguhit ang kanilang mga sagot)

Idikit sa pisara ang knilang mga ginagawa. Hayaang an glider ang magpapahayag  sa harap ng mga kamag-aral tungkol dito.

## Pang limang Araw (Day 5)

**Pagtataya**

1. Lagyan ng Tsek (/) ang patlang kung kaya mong lahukan bilang bata ang mga proyekto ng barangay at (X) ekis kung hindi.

   Pagtataya

   _______1. Paglilinis ng kapaligiran sa barangay
   _______2. Pagpapanatili ng katahimikan ng barangay.
   _______3. Pagtulongg sa mga nasalanta ng bagyo
   _______4. Paghuli sa mga kriminal sa lugar
   _______5. Pagtatanim ng mga puno sa bakanting lote
   _______6. Pagtatanim ng gulay sa bakuran
   _______7. Paglalagay ng basurahan para sa nabubulok at di nabubulok
   _______8. Pagtatapon ng basurahan sa kanal o ilog
   _______9. Pagsusulat ng kung ano-ano sa pader o bakod
   _______10. Pagsali sa mga kompetisyon tungkol sa kalinisan

2. Bilang isang bata, Paano ka makatulong sa pagpapaunlad sa inyong barangay?
   Isulat ang inyong mga sagot isa sagutang papel.

   ___________________________________________________
   ___________________________________________________
   ___________________________________________________
   ___________________________________________________